KAGALINGAN BULLETIN

PAGKAPRIBADO AT KALIGTASAN

Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-unlad ng California

PEBRERO 2025

DDS Department of Developmental Services

Kapaki-pakinabang ba ang bulletin na ito?

I-click Dito

Mga Kinakailangan sa Pagkapribado ng Pederal at Estado

Ang pagkapribado ay isang mahalagang bahagi ng ating buhay. Ang bulletin na ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kahalagahan ng pagkapribado sa tahanan, kung paano igalang ang pagkapribado ng mga taong sinusuportahan mo, at mga pinahihintulutang eksepsyon.

Ang California ay lumalahok sa Home and Community-Based Services (HCBS) na Programa, na nagpapahintulot sa pederal na pagpopondo na magamit upang suportahan ang mga indibidwal na manirahan at magtrabaho sa kanilang mga komunidad sa halip na sa isang institusyon o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Sa ilalim ng waiver ng HCBS, ang mga serbisyo ay dapat magsama ng mga oportunidad para sa mga indibidwal na makisali sa buhay ng komunidad, kontrolin ang kanilang mga personal na mapagkukunan, tumanggap ng mga serbisyo sa komunidad, at maghanap ng trabaho at magtrabaho sa mapagkumpitensyang pinagsama-samang mga setting (kapaligiran). Upang maging kwalipikado para sa waiver, dapat sumang-ayon ang mga estado sa ilang partikular na tuntunin, kabilang ang paggarantiya na tinitiyak ng mga tagabigay ng serbisyo (service provider) ang mga karapatan ng isang indibidwal sa pagkapribado, dignidad at paggalang, at kalayaan mula sa pamimilit at pagpigil.

Pinagmulan: Lanterman Act at Mga Kaugnay na Batas (dds.ca.gov)

Mga Karapatan sa Residensyal na mga Setting

Pinipili ng mga indibidwal ang kapaligiran kung saan nila gustong manirahan mula sa mga magagamit na opsyon. Ang mga indibidwal na naninirahan sa mga setting na pagmamay-ari o kontroladong tirahan ng tagabigay (provider) ay may karapatan sa pagkapribado sa kanilang mga tahanan. Ang setting ay dapat na pisikal na naa-access ng indibidwal. Ang mga indibidwal ay dapat magkaroon ng kalayaan at suporta upang kontrolin ang kanilang sariling mga iskedyul at aktibidad, magkaroon ng access sa pagkain anumang oras, at magkaroon ng pagkapribado kapag sinasagot ang telepono o pagbubukas ng mail. May karapatan din silang magkaroon ng mga bisitang kanilang pipiliin anumang oras. Panghuli, lahat ng indibidwal ay may karapatang panatilihing pribado ang kanilang personal na impormasyon sa kalusugan, kabilang ang mga nakatira sa mga lugar ng tirahan.

Pinagmulan: Mga Kinakailangan sa Huling Panuntunan (ca.gov); Ang Iyong Mga Karapatan sa Ilalim ng HIPAA (HHS.gov)

DDS

Ang Bulletin ng Kagalingan at Kaligtasan ay ginawa ng Departamento sa mga Serbisyo sa Pag-unlad upang alertuhan ang mga direktang tagapagbigay ng serbisyo, kawani ng sentrong pangrehiyon, at iba pa tungkol sa mga partikular na panganib sa ating komunidad. Mangyaring magbigay ng feedback tungkol sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin para makagawa ng mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: Bulletin Survey.

Pribadong Kwarto ng isang Indibidwal

Sa loob ng isang setting (kapaligiran) na pagmamay-ari o kontroladong tirahan ng provider (tagabigay), ang mga indibidwal ay dapat bigyan ng pinto sa kanilang silid na maaaring ikandado at ang susi sa pintong iyon. Dapat ay garantisado sila sa opsyong ikandado ang pintong iyon kung nais nilang gawin ito. Ang tanging ibang mga tao na maaaring magkaroon ng access sa susi ay ang iba pang mga residenteng nakikibahagi sa kwarto o mga tauhan na naaprubahang magkaroon ng susi. Ang mga indibidwal na nagbabahagi ng mga silid-tulugan o pabahay ay may karapatang pumili kung kanino sila makibahagi sa espasyong iyon.

Walang sinuman, kabilang ang mga miyembro ng pamilya at kawani, ang dapat pumasok sa pribadong silid ng isang indibidwal maliban kung binigyan ng malinaw na pahintulot ng indibidwal, kung sakaling magkaroon ng emerhensiya, o kung may dahilan upang maniwala na mayroong emerhensiya.

Ang kwarto ng isang indibidwal ay hindi maaaring gamitin bilang daanan patungo sa isa pang silid, banyo, o palikuran. Ang kanilang silid ay hindi rin dapat gamitin para sa iba pang mga layunin, tulad ng isang imbakan, sala, o silid-kainan.

Pinagmulan: Kodigo ng mga Regulasyon ng California (westlaw.com); Kodigo ng Pederal na mga Regulasyons; Mga Kinakailangan sa Huling Panuntunan (ca.gov)

Mga Eksepsyonsa Mga Karapatan sa Pagkapribado

Ang pagkapribado ay isang karapatan para sa lahat, na may napakalimitadong mga pagbubukod at mahigpit na limitasyon:

- Ang mga limitasyon sa karapatan sa pagkapribado ay dapat na nauugnay sa isang partikular na dahilan.
- Ang mga limitasyon ay dapat na makatwiran at dokumentado, at dapat ipaalam sa indibidwal.
- Dapat na maibalik ang pagkapribado kapag natukoy na ang panganib ay wala na.
- Ang limitasyon ng pagkapribado ay hindi kailanman maaaring gamitin bilang isang parusa.

Ang karapatan sa pagkapribado ay maaaring limitahan o tanggihan lamang kung may partikular na tinasa na pangangailangan. Maaaring kabilang sa mga halimbawa, ngunit hindi limitado sa:

- Inilalagay ng pagkapribado ang indibidwal sa panganib na mapinsala; o
- Ang pagkapribado, kung gagawin ng indibidwal, ay seryosong lalabag sa mga karapatan ng iba; o
- Ang pagkapribado ay magdudulot ng malubhang pinsala sa ari-arian; at
- Walang alternatibo sa pagprotekta sa indibidwal, sa iba, o sa ari-arian.

Pakikipag-ugnayan ng Indibidwal at Koponan sa Pagpaplano

Ang anumang limitasyon sa karapatan ng isang indibidwal sa pagkapribado ay dapat talakayin sa indibidwal at sa pangkat ng pagpaplano. Sa mga kaso kung saan ang paggalang sa pagkapribado ay maglalagay sa indibidwal sa panganib ng pinsala o kamatayan, ang indibidwal at ang kanilang grupo ng suporta ay dapat na kasangkot sa pangkat ng pagpaplano upang talakayin ang mga diskarte sa pag-iwas, kung maaari. Maaaring may mga sitwasyong pang-emerhensiya na hindi nagpapahintulot para sa isang talakayan ng pangkat ng pagpaplano bago ang paghihigpit ngunit ang isa ay dapat na planuhin at idokumento sa lalong madaling panahon pagkatapos noon.

Pinagmulan: California Code of Regulations (westlaw.com)

Ano ang gagawin kung Nararamdaman ng Isang Tao na Nilabag ang Kanilang mga Karapatan

Kung naramdaman ng isang indibidwal na nilabag ang kanilang pagkapribado, dapat silang makipag-usap sa kanilang koponan ng suporta tungkol sa kanilang alalahanin. Maaaring kabilang dito ang kanilang pangkat sa pagpaplano at tagapag-ugnay ng serbisyo ng sentrong pangrehiyon.

Pinagmulan: Mga Karapatan ng Consumer, Apela at Reklamo - CA Department of Developmental Services: CA Department of Developmental Services

Mga mapagkukunan

- Home and Community-Based Services (HCBS) Final Rule - CA Department of Developmental Services: CA Department of Developmental Services
- Iyong Mga Karapatan: HCBS Fact Sheet para sa mga Indibidwal at Pamilya (ca.gov)
- Mga Kinakailangan sa Huling Panuntunan (ca.gov)